# FILIPINO

## Ikalawang Kwarter – Modyul 1
## Paghihinuha sa mga Mangyayari

### *Isagawa*

**Panuto:** Ibigay ang iyong hinuha sa mga sumusunod na pahayag. Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Kung ang isang bata ay masunurin sa kanyang mga magulang,
   A. magagalit sila
   B. malulungkot sila
   C. magyayabang sila
   D. magiging masaya sila

2. Kung tumutulong ang mga bata sa paglilinis ng silid aralan marahil ang guro nila ay…
   A. matutuwa
   B. magagalit
   C. matatakot
   D. magugulat

3. Pauwi na si Peter galing sa paaralan, habang naglalakad sa kalsada sinunod niya ang batas trapiko.
   A. masagasaan siya
   B. pagtawanan siya
   C. huhulihin siya ng pulis
   D. maayos ang kanyang pagtawid

"READY TO PRINT"

LIVEWORKSHEETS

4. Sinusunod ni Rey ang pagsisipilyo ng ngipin pagkatapos kumain.
   A. sasakit ang kanyang ngipin
   B. masisira ang kanyang ngipin
   C. magiging marumi ang kanyang ngipin
   D. magiging matibay ang kanyang ngipin

5. Sinasabi ng nanay na hindi magbababad sa celpon sa paglalaro ng mga **online games.**
   A. maaari itong makasira ng mata
   B. maaari itong makapagpagaling
   C. maaari itong makapagpaganda
   D. maaari itong magpapalinaw ng paningin

Commented [EJ1]: "magbababad"

"READY TO PRINT"



## *Tayahin (Assessment)*

**Panuto:** Ibigay ang iyong hinuha sa kalabasan ng mga pangyayari sa mga sumusunod na pahayag o teksto. Isulat ang titik ng tamang sagot.

1. Nakabihis itim ang Pamilya Reyes. Malungkot at nag-iiyakan ang iba. May nagdadasal at nagbibigay ng abuloy.
   A. may pista
   B. may burol
   C. may kasalan
   D. may binyagan

LIVEWORKSHEETS

2. Lahat ng mga tao ay masaya. Nakabihis ng dilaw ang mga dalaga at barong tagalog naman ang mga binata. Ang paligid ay napuno ng magagandang bulaklak. Sa pagtugtog ng musika, naglakad ang babaeng nakasuot ng puting mahabang damit at may hawak na bulaklak.
   A. marahil may parada
   B. marahil may kasalan
   C. marahil may paligsahan
   D. marahil may palatuntunan

3.Tumunog ang kampana ng simbahan. Ang pamilya ni Aling Soling ay nagbibihis nang maayos. Sila ay handa ng pumunta sa simbahan.
   A. marahil dadalo sila ng misa
   B. marahil maliligo sila sa dagat
   C. marahil dadalo sila ng binyag
   D. marahil pupunta sila sa palengke

4. Ang mga tao ay nagsigawan at nagsitago sa ilalim ng mesa at upuan. Maya't-maya ay nagsilabasan sila at pumunta sa malawak na espasyo o lugar.
   A. baka may baha
   B. baka may lindol
   C. baka may sunog
   D. baka may pumutok na bulkan

5. Laging sinusunod ni Rosa ang utos ng kanyang mga magulang. Tagubilin parati nila na maglilinis ng bahay at huwag magpapasok ng mga taong di-kilala habang wala sila. Masaya naman niya itong sinusunod.
   A. Si Rosa ay isang batang matipid.
   B. Si Rosa ay isang batang malikhain.
   C. Si Rosa ay isang batang masunurin.
   D. Si Rosa ay isang batang mapagmahal.

"READY TO PRINT"

LIVEWORKSHEETS